

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
[13 December 2021]**

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Magandang gabi sa lahat ng ating mga kababayan na Pilipino. Both ‘yung nasa loob ng Pilipinas pati nasa labas all over the world. Wherever you are, allow me to greet you in advance --- I may not have the opportunity nor the time --- a Merry Christmas and a Happy New Year sa inyong lahat.

Sana maligaya ang selebrasyon ninyo. And kayong mga nagtatrabaho sa labas keeping our economy alive with your contributions sa ating income sa gobyerno, nagpapasalamat kami sa inyo. Please know that we are here to serve you sa anumang paraan na gusto ninyo.

Kaya itong programa na ito was really thought of to apprise, to make the public know kung saan ‘yung pera ninyo. Kaya ‘yung mag-report dito from time on eh madalas na ito ‘yung mga malalaking expenditures ng gobyerno. Iyong mga maliliit huwag na muna ‘yung mga barangay roads ganoon. Pero ‘yung malalaki na mag-abot ng billion, magre-report kami para alam mo na ‘yung panahon ng ano ngayon eleksiyon.

Iyong there are politicians like Gordon who thrive on black propaganda, falsehoods. Eh ito si Gordon dapat lang malaman ninyo na noong nasa Subic pa siya, siya ‘yang chairman, naghiram ang --- naghiram sila mga empleyado ng about 186 million. Ang 86 niyan pumunta sa kanya tapos hindi niya nabayaran and that was about many years ago. Eventually ang COA flagged him tapos inimestiga siya, tapos sabi ng COA ginastos niya ng personal.

So it became his personal liability. Pinabayad siya hanggang ngayon hindi niya binayaran. Nag-appeal siya sa korte hanggang umabot sa Supreme Court. In the Supreme Court, the decisions of the lower courts were affirmed in the sense that pinapabayad talaga siya. Hanggang ngayon sa Supreme Court, he never obeyed the order sa Supreme Court. Hindi niya binayaran until the judgment became final and executory. Iyon ang nangyari.

Ngayon dalawa ‘yan kung sa accounting, that would be a disallowance. Meaning to say ‘pag tinag ka disallowance, ginastos mo ng sarili nimo. Ngayon pagka criminal case sa Ombudsman, that is malversation. Ito si Gordon is a scoundrel na pa-elect nang pa-elect, pa-elect nang pa-elect, payaman nang payaman lalo na noong ano pa siya nasa Subic pa siya.

Kaya noong maalaala natin noong paalis na si President Ramos, gusto niyang ma-retain na chairman diyan sa Subic sa board. Tapos habol siya nang habol kay Presidente Ramos hindi siya pinansin. Kaya nag --- I remember ‘yung sa TV, ‘yung asawa niya pati siya, hinabol pa nila sa highway si Ramos. Ramos did not bother to stop, ignored him and his wife at hindi nila nakuha ‘yung --- ulit na ‘yung sa Subic. Iyan ang totoo.

Ngayon ‘yang sa ano inimestigahan nila ‘yung mask. Ang COA nagsabi there was no overprice, that everything was in order at iyon ang ano. Tapos wala siyang makuha kinalkal niya nang husto ‘yung Pharmally na ano at idinawit niya ako doon.

Alam mo sa totoo lang, kung kawatan ako hindi ako aabot ng pagka-Presidente. I’ve been mayor for, kagaya niya, 23 years, a congressman, naging vice mayor ako sa anak ko. Noong mayor ako at tanungin na lang ninyo ‘yung mga taga-Davao kasi I have my record to show to everybody. My record as a government worker all these years. Wala akong kaso na malversation kagaya ni...

Iyan lang ngayon na sige siya daldal nang daldal ng Pharmally pabalik-balik diyan kasi eleksiyon ‘yan. Alam kasi niya ‘yun ang issue na daldalhin ko sa plataporma sa stage ‘pag ako ang nagsalita kasi talagang hindi na siya karapat-dapat maging senador. Sa katagal niya na milyonaryo na siya, hindi niya binayaran ang gobyerno, eh tama na Gordon. Magpahinga ka na. Kung nandiyan ka pa, delikado ang pera ng bayan sa totoo lang.

Bago ako mag-umpisa, I would just like to give you a --- run you through with the persons who are here sa atin ngayong gabi. Alam ko matagal itong meeting na ito so dapat lang na malaman ninyo kung sino ‘yung mga tao na nagsisilbi sa inyo.

We have Secretary Duque III; then we have Secretary Carlito Galvez Jr.; then we have Secretary Eduardo Año; then as always present Director General Rolando Enrique Domingo sa Food and Drug Administration; then si Secretary Medialdea, Executive Secretary, he might but that is if he is ready to --- he will make a presentation; nandito si Bong Go; and si --- ang ating ever-present si Vivencio --- Secretary Vivencio Dizon. Sila itong tatlo: si Duque, Galvez, pati ito.

Sila ‘yung mga tao na who successfully implemented the program ‘yung inano namin, giplano namin right from the start of the pandemic na wala pa tayong bakuna noon.

And I’d like to remind everybody that when everything was down for us, it was China for whatever really is masabi nila about the relations of the Philippines and China, I would maintain that we are good friends and they were the first one to give us the vaccines. Iyong issues diyan sa West Philippine Sea ibang issue ‘yan at ibang issue itong pagkakaibigan natin sa kanila.

Now the second part of my task tonight kasi may report itong binabasa ko, gusto lang nila basahin ko na kasi collated ito about COVID ‘yang karamihan, ‘yan man ang hottest issue ngayon, the COVID so gusto nila na basahin ko ‘yung report muna.

So it starts with a good evening to all of my countrymen. And I’d like to thank you for joining us tonight whether it is really comfortable for you to listen or not, if you are there to know or would want to know what’s happening to government, especially I said with the money, ‘yung malalaking big ticket projects if you want, we can always call our implementers, the secretaries of the different departments.

Ang encouraging updates lang sa COVID-19 numbers is sa awa ng Diyos, since the last time we held our “Talk to the People” on December 6, COVID-19 cases all over the country have

averaged below 600 daily with most of the days tallying just around 300 and 400 cases. Umabot tayo ng ano ng libo-libo pati ang patay. Ngayon po kakaunti na lang ang mga kaso sa COVID.

The total number of positive COVID-19 cases in the country has also gone down to just 11[,000], 'yung all over the country na 'to as of December 13. The occupancy rate of ICU, isolation, and ward beds as well as the usage rate of ventilators in Metro Manila and around the country also went down to its lowest levels in the recent months. This has given our hospitals and our hardworking medical frontliners the much-needed breathing space to rest, recover, and recoup their energy and capacity.

While these are indeed encouraging developments, I still urge our countrymen to continue observing health protocols. Iyan lang gyud ang pag-asa natin. Stick to what is right, and the right thing is --- the right thing to do is just obey government kasi hindi naman kami nagpapadala dito ng --- nagpapalabas ng mga regulasyon na nakakasira sa tao. It's always for the good for everybody.

And get vaccinated. Hanggang ngayon kung wala pa, lalo na itong Omicron, whether it is really vicious or not, hindi pa talaga natin alam. While there are encouraging reports sa nababasa ko sa mga magazines, international magazines, that it is not as vicious as itong ibang --- itong COVID-19 and the D. So kung totoo ito, if this is really true, magpasalamat na lang tayo.

Last Saturday, December 11, more than 3.6 million doses of AstraZeneca and Moderna vaccines procured by the government and the private sector arrived in the country. The delivery followed the more than 2.4 million doses of Pfizer and Moderna vaccines delivered last December 7. The more than 1 million Pfizer vaccines would amount to more than P1.2 million together with the AstraZeneca.

All in all, this brings the total number of COVID-19 vaccine doses received by the country to more than 158 million as of December 13. With the arrival of these new batches of vaccines, we hope to accelerate the vaccination of the remaining Filipinos who have yet to take the jabs as well as to accelerate the injection of booster shots.

Iyong wala pa pati 'yung pandagdag, pang-booster, kailangan 'yan. Pero safe na tayo. I dare say na kung nagpabakuna ka one and two safe. But it would maybe bring you to a higher level of immunity if you can get the booster.

These vaccines will provide us with the much-needed resistance from the virus as we enter and partake the activities and celebrations leading to the final weeks of Christmas season and the coming New Year. Sana po.

My countrymen, ulit-ulitin ko ito kasi ako itong ano eh --- the threat of COVID-19 is real. Hindi sabihin nabakunahan ang karamihan na Pilipino --- or pero marami o hindi naman lahat, we have yet to arrive at that number. Pero may mga --- may mga pang-ano na tayo, pang --- sa Bisaya, "pangsagang," a shield against the virus.

Kapag bakunado ka, hindi magiging grabe ang sakit mo. Pero kung hindi ka bakunado, puwede kang maospital at baka mamatay ka pa. Ganoon lang kasimple 'yan.

Iyan ang mga pangangaral --- that's the advice of the scientists iyong atin pati mga doktor, lahat, except for a few. May mga doktor na hindi rin naniniwala, hindi rin nagpapabakuna. I really am at a loss how to craft an explanation kung ayaw nila. Hindi ko pa naman nakausap. Pero sabi mayroon raw mga doktor.

Mayroon tayong pang-ano, pang-booster. Iyong nakaano, pa-booster na kayo para talagang matatag ang katawan natin. Ayaw ninyong mamatay 'di ba? Mahirap mag-iwan ng kapatid, asawa, anak, pamilya. So sundin lang ninyo kasi ito lahat para sa inyo.

Para talaga ito sa inyo itong programa na ito kasi pabalik-balik ito. Hindi na bale maging gunggong ako dito sige balik-balik basta maniwala lang kayo at safe ang Pilipino. Never mind our repetitive and redundant warnings to all of you because that is for your own good and for the good of the country.

Last February --- December 10, I joined world leaders around the world for the Summit for Democracy convened by President Biden of the United States. During the Summit, I reiterated the Philippines' proud distinction as the first- ever republic and oldest democracy in Asia, and it remains a vibrant democracy and an open and diverse society to this day.

I also stressed that while our democracy is far from perfect, it continues to work in progress. The Filipino is free and the Philippines is free. I likewise stated that even as our work continues in the remaining months of my term, my administration will ensure an honest, peaceful, credible, and free elections.

At this early, I'd like to just --- magbigay lang ng payo that when it comes to the elections, government, the administration will stand neutral --- neither for or against kami, kalaban o kasama sa partido. We will participate in the exercise of that right. But we will see to it that there will be no terrorism, vote buying, at intimidation and everything that would put a hindrance to an honest election.

Lastly, I said that as I step down in June 2022, it will be my highest honor to turn over the reins of power to my successor knowing that in the exercise of my mandate, I did my best to serve the Filipino people.

Reminder again sa --- in relation to this, may I implore --- para na akong implorist para na akong nakikiusap na halos nagdadasal na lang sa inyo --- implore everyone who are participating in large gatherings, whether political in nature or not, to continue exercising almost --- utmost rather --- utmost caution and prudence in the conduct of your exercises.

Remember that we are still in a pandemic situation and any large gathering may trigger a superspreader event. While we welcome these exercises as concrete and tangible manifestations of our healthy democracy, kindly temper your enthusiasm and act reasonably.

So ganito ‘yan, marami tayong problema. Mayroon tayong national emergency and we do not also want to curtail the right of the people to freely assemble or redress of grievance or to discuss any matter that is allowable in a democracy.

Ang problema dito ganito, hindi ninyo... Alam mo ‘yung meeting ngayon --- mabuti’t na lang siguro at marami na talagang nabakunahan, medyo na --- there’s a lesser casualty now. But do not tempt the Gods. Huwag mong hingiin talaga na ikaw na ang humingi sa umaabot sa atin --- aabot kung hayaan natin na ganito.

I’d like to call the attention of the Comelec. Kayo man ang ano ngayon, you are the ones supervising the elections. As a matter of fact, you are the one running the show. Hindi ba ninyo...? Could you not just issue a --- i-maintain lang ‘yung social distance? Hindi na paano --- gaano karami. Punuin mo ‘yung Luneta, as long as you maintain the regulations imposed by government kasi mahirap po ito kung magbalik. It might come back with vengeance.

Babalik itong sakit na ito baka magrabe pa. We are not out of the woods. The virus is still there. Iyong status natin na national emergency nandiyan pa. So hanggang --- hanggang talagang safe na, the doctors will say and the scientists will tell us that it is safe to move around and go out and mingle again in a crowd, well, hintayin muna natin ‘yan. In the meantime, let us not presuppose that since there has been a vaccine available to all, do not ever, ever presume na wala na ‘yung danger of recontamination.

Ngayon, dito tayo sa bagyo. In an advisory yesterday, December 12, PAGASA, ang weather bureau, has informed the public that the low-pressure area east of the Philippine area of responsibility has developed into a tropical depression and may further intensify into a tropical storm within the next 24 hours.

So wala sigurong biyahe ngayon. I direct our government agencies and LGUs as well as to urge our countrymen, especially those who are on or near its projected path, to keep monitoring the situation and conduct all necessary preparations and precautions.

Nandiyan naman ‘yan. Iyong dadaanan ng bagyo lumalabas diyan sa news --- newspaper pati sa TV. All you have to do is to watch TV and makita mo ‘yung trajectory, ang takbo ng bagyo. So kung malapit kayo diyan, medyo umalis na muna kayo, especially if the PAGASA, the weather bureau would say umalis kayo diyan sa lugar na ‘yan kasi diyan tatama.

Iyong precautions, anuhan lang ninyo, sundin lang ninyo. Tagalog na man ito. Mga kababayan, ipagpatuloy lang natin mga ibang --- iba... Mga kababayan, ipagpatuloy lang natin ang ibayong pag-ingat laban sa virus o virus at palagi nating sundin ang minimum public health standards at health protocols sa lahat ng pagkakataon, sa lahat ng oras.

Should the current positive trend we see continue --- dagdagan mo ng God willing --- and we as citizens remain cooperative with the government and health authorities, we will have a merrier and happier Christmas and New Year and fully overcome this pandemic.

Magan --- ah maraming salamat. 'Wag muna 'yang magandang gabi. Wala pa. Hindi pa tayo tapos. Malayo pa.

Let's have an update to be given to us by Secretary Duque.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Maraming salamat po, Mr. President, magandang gabi. Magandang gabi po kay Ginoong Senator Bong Go, ES Medialdea at mga kasama ko po sa Gabinete.

Ang akin pong iuulat ngayon, with your permission, Mr. President, ay tungkol po sa idaraos na Bayanihan, Bakunahan 2 – Ligtas Lakas Buong Pinas sa darating na December 15 to 17, 2021.

[Next slide.]

Kami ay patuloy na tumatanggap ng mga boluntaryo or volunteers para sa atin pong National Vaccination Day 2. At hinihikayat namin ang ating mga next generation heroes o mga empleyado ng gobyerno, ang pribadong sektor, at ang civil society na makilahok bilang bahagi ng ating vaccination teams sa atin pong 18 priority areas.

So nandiyan po 'yung mga nakasulat 'yung mga lugar na made-deploy ang atin pong mga volunteers para po sa round two of our massive 3-day vaccination activities.

[Next slide.]

Ang lahat po ng gagas --- gagastusin ng atin pong mga volunteers ay sasagutin ng gobyerno at hintayin lamang ang kumpirmasyon ng inyo pong pagboboluntaryo sa National Vaccination Days 2 at suporta sa inyong mga bayarin at transportasyon at akomodasyon --- accommodation kung kinakailangan mula sa mga sumusunod na ahensiya.

Sa DOH kung ikaw ay empleyado ng DOH central office, regional offices at mga ospital. Sa kani-kanilang mga opisina kung ikaw ay empleyado ng ibang mga ahensiya ng gobyerno, at sa DOH Centers for Health Development para sa mga empleyado ng pribadong sektor at mga indibidwal.

[Next.]

Ang atin pong National Vaccination Operation Center ay maglalabas din ng advisory ukol sa inaasahang pagpasok ng Bagyong Odette sa ating bansa kasabay na ang pagpapatupad ng Bayanihan, Bakunahan 2 kasama sa advisory po ang mga sumusunod. Pagkatapos po ng aking pag-uulat, Mr. President, si Secretary Vince Dizon at si Secretary Galvez at kami po kasama si Secretary Ed Año ay nagkasundo na magrekomenda po na itong Bagyong Odette na paparating at mukhang magiging tropical storm ay kami po ay nagrerekomenda na ang atin National Vaccination Part 2 ay ipo-postpone muna natin doon sa mga dadaanan po ng bagyo.

From December 15, 16, 17 ay gagawin po natin sa December 20, 21, 22. At ito pong dadaanan ng bagyo batay po sa mga pinakahuling ulat mula sa PAGASA ay posible pong Northern

Mindanao, ang Central and Eastern Visayas, at ang Southern Tagalog region ay hindi po na muna natin itutuloy ang bakunahan dahil kinakailangan po mailayo sa peligro ang atin pong mga kababayan sa panahon nitong Bagyong Odette.

So, Mr. President, ang rekomendasyon po namin ay ang CALABARZON and Northern --- Central and Northern Luzon, 'yan po ang atin munang ipagpapatuloy ang Bayanihan, Bakunahan Part 2, Mr. President.

So sino --- sisiguraduhin po natin ang kaligtasan ng ating mga health worker, volunteers at magpapabakuna sa darating na bakunahan kaya naman maaaring magkaroon po tayo ng gaya ng sinabi kong posibleng suspension sa bakunahan. Pero mamaya po ay kailangan po ay kung pupuwedeng madesisyunan na po ito, Mr. President, with your permission.

So ikalawa inaasahan ang mga local Vaccine Operation Centers na ipatupad ang kanilang mga contingency plans upang mapanatili ang kalidad ng ating mga bakuna sa kabila ng banta ng Bagyong Odette.

And lastly, Mr. President, muli hinihikayat namin ang lahat na makiisa sa ating Bayanihan, Bakunahan 2. Magpabakuna kung ikaw ay hindi pa nakatatanggap ng iyong una o ikalawang dose ng primary series o kung ikaw ay eligible nang makatanggap ng booster dose. O kaya naman magboluntaryo at buhayin ang Bayanihan spirit sa pagbigay natin ng proteksiyon ng pagpapabakuna sa atin pong mga kababayan.

So lahat tayo ay may malaking parteng ginagampanan sa ating COVID-19 response. Sama-sama po natin abutin ang ating hangaring mabakunahan ang lahat ng eligible populations upang mapanatili nating mababa ang mga kaso at magkaroon tayo ng isang tunay na Maligayang Pasko at Bagong Taon kasama ang ating mga mahal sa buhay.

So iyon lamang, Mr. President, ang akin pong iuulat. Patungkol naman doon sa updates ay pareho naman po na hanggang ngayon mababa po tayo nasa minimal risk po ang buong Pilipinas. Pagka tiningnan po natin 'yung epidemiological curve at saka 'yung ADAR or average daily attack rate less than one per 100,000 population. At ang atin pong two-week growth rate ganoon po ay nananatiling nasa negative zone. Kanya lahat po ito ay --- ay bumubuo ng isang risk classification minimal kung tawagin. At so ito po ay --- pati case fatality rate natin ay nandiyan po sa 1.7 percent at harinawa ito lahat ay manatiling ganito or if possible mas mapababa pa rin natin ang bilang ng mga kaso.

Kaya nananawagan din po ako, Mr. President, sa lahat po ng mga local chief executives na magsagawa ng kanilang mopping-up operations na habang mababa na po ang mga kaso, kung matukoy pa ho nila kung saan talaga galing ang mga patuloy na mga kaso ng COVID ay dapat po dito talaga magsagawa sila ng early detection, testing, contact tracing para ng sa ganoon ay posible pong ma-zero natin 'yung mga COVID cases sa kanila pong mga komunidad ay maganda po sana na gamitin na po natin itong pagkakataong ito habang mabababa ang kaso.

Kanya iyon lang po, Mr. President, at maraming salamat po sa lahat.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Duque. Now we call Secretary Galvez to give us the updates of the National Vaccination Program.

By the way before you start, I forgot to mention one important player kanina. There are actually four superstar here and I forgot to mention Secretary Año. Dapat Galvez, Dizon, pati Duque, pati ‘tong si Año. Siya ang nagdala ng programa lahat, implementing.

And may iba naman sinasabi na maganda daw ang pagkadala congratulating me, sabi ko na, “Huwag ninyo akong i-congratulate. Congratulate Año, Galvez, Duque and Vince Dizon.” Sila ‘yung nagpagod nang husto. They are the --- ‘yung mga nagtrabaho lang, government workers na nagtrabaho para sa bayan. So, sir.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Magandang gabi po, Mr. President, Senator Bong Go, atin pong Executive Secretary Medialdea, kasama po sa ating mga Gabinete, magandang gabi po sa ating mga kababayan.

Ngayon po magre-report po kami, mahal na Presidente, ‘yung ating tinatawag na updates, sa significant updates sa ating vaccination program.

[Next slide, please.]

Nakikita po natin ngayon, Mr. President, na-surpass na po natin ‘yung ating target in terms of delivery. Sa ngayon po 158 million doses po ang ating na-receive. Pero, Mr. President, ito napakalaking ano po sa atin 24 million po ang darating po ngayong week, 24 million in one week. At ipakikita ko po mamaya kung ano po ‘yung mga deliveries na ‘yun, Mr. President. Unprecedented po ‘yun dahil kasi normally 7 million ang ating average po per week, ngayon po 24 million po, Mr. President.

This week, we are about to breach 100 million doses administered, with 41 million Filipinos or 53 percent received the second dose. Ang magandang significant headway po, Mr. President, is ‘yung vaccination ng minors with more than 7 million already received the first dose and 2.1 million already finished the second dose.

Ito po nakita po natin talaga na gustong-gusto na po ng mga kabataan at saka ng kanilang mga magulang na mabakunahan na po ang ating mga minors so that they can start already the face-to-face program. Parang nakita po natin talaga na ‘yung ating mga kabataan gusto na po ring makalabas.

So ‘yun po nakita po namin noong vaccination --- 3-vaccination day very ano po, very prominent na more or less 60 to 80 percent ng mga vaccination site, karamihan po doon, Mr. President, is sa mga kabataan po.

And then ang ano po natin ngayon we are very confident, kami po ni Sec. Vince at saka ni Sec. Duque and also ni Sec. Año, confident po kami na 54 million Filipinos will be completing the second dose this year end. And tama po kayo, Mr. President, na malaki po ang tulong ng LGU at ng DILG sa implementasyon ng ating mga vaccination. So si Sec. Año po talaga ang isa sa mga

nakita natin nago-orchestrate po ng mga LGU in order for them to be inspired na talagang makuha po natin 'yung lahat ng ating mga targets.

[Next slide, please. Next slide, please. Pakipindot lang po 'yung ano.]

Sir, ito po 'yung ano, nakikita po natin 24 million po 'yung ano, 'yung darating po ngayon na ngayong week. Ngayon po darating po 'yung 2.3 million ngayong gabi. So bukas po darating po ang 8.2 million at sa susunod na araw, sa Wednesday, 10 million, at sa susunod pa mayroon pa tayong umaabot na more or less 3 million.

Sir, matutuwa po kami dahil kasi ang COVAX nagbigay po nang marami na J&J kasi nag-request po kami dahil 'yun po para makuha po natin ang target. At saka po kasi marami po tayong geographically isolated areas ay talagang nakikita po natin na talagang kailangan na 'yung one dose, mas madali po kasi one dose po 'yung J&J.

So karamihan po ng mga ano po natin ng mga isolated areas, ng mga islands at saka 'yung malalayo, sa Talaingod, sa Davao --- Davao City, sa mga kanyang far-flung areas lalo na po 'yung mga Lumad at saka mga Aetas po natin na parang hindi na po uulit na ma-deploy po ang ano po natin.

[So pakipindot lang po 'yung ano --- 'yung... Pakipindot lang po para makita po natin 'yung ano.]

So makikita po natin ang darating po na doses for this week is 24,473,800 doses. 'Yung J&J po ay bigay po ng French government, Spanish government, Dutch government, Austrian government, Swedish government at saka po ng lahat ng member ng EU through COVAX. So nagpapasalamat po tayo sa COVAX dahil napakalaki po ng binigay nila.

Ito namang 4.9 na Pfizer, ito po 'yung procured natin na ano po, na tinatawag natin ito 'yung 18 million na supposed to be na ma-deliver po ngayong December. Ang Moderna, ito po donation din po ng COVAX, Mr. President. Ito po maganda po ito dahil kasi 'yung Moderna puwede nating gamitin sa pang --- pang-boosters at saka pang-minors.

Normally po ginagamit natin ang Moderna pang-boosters lalo na po sa mga --- mga may comorbidities at the same time ginagamit po natin 'yan sa ating mga healthcare workers.

Magdo-donate din po ang China. Nagkaroon po kami ng dinner ng ano ng Chinese ambassador and they will be donating another 2 million, and they are very thankful, Mr. President, na 'yung itong Sinovac at least ma --- na-complete na po natin 'yung deliveries nila na more or less 50 million.

And then another, 'yung AstraZeneca, this is being procured by the LGUs and also by the ano, by the private sector, mayroon pong 2.9 million, but partly, mayroon din pong galing sa UK na donated at sa other countries.

So ito po, Mr. President, ito po naga-assure na puwede na nating i-expand ang ating ano, ang ating boosters, at the same time, 'yung sinasabi niyo po, Mr. President, na kumpleto na po 'yung ating ano, 'yung ating vaccine up to the middle of the year of 2022.

So ibig sabihin po, Mr. President, 'yung ating procurement and other donations, 'yung incoming president po wala na pong problema sa vaccine dahil kasi 'yung ano po, 'yung ating ginagamit na vaccine ay 'yung dine-deliver ngayon para po next year --- next year na po 'yun. Kasi 'yung 158 pong 'yun, 108 lang ang kailangan natin for this year para sa 54 million. Iyong nade-deliver po natin doon more or less 70 --- 78 million. Ito po ilalaan na po natin 'to for next year, for the rest of our milestone. Ipakikita ko po mamaya, Mr. President, na plantsado na po 'yung ating ano, 'yung ating procurement and other deployment to 2022 year of administration.

[Next --- next slide, please.]

Sir, kung makikita natin, itong 158, ito na po 'yung na-deliver na sa atin. So more or less kung ang ating target is only 54, 108 kayang-kaya na po nating ideli --- ang ano, magamit po. So tamang-tama po na talagang mayroon pang more than 40 and marami pa po tayong darating na 51 --- 51 million. So more or less 200 million po ang darating po ngayong year.

So napakalaki ng ano, ng ating magiging parang ano, parang stockpile na kayang-kaya naman natin pong i-hold kasi karamihan po nang darating na ano, darating na mga vaccine especially 'yung ano po 'yung sa J&J --- nagpapasalamat po kami sa COVAX --- ang kanyang expiry date is 2023 pa, 2023 pa po 'yung kanyang expiry date. Meaning 'yung ating request na mas higher ang kanyang expiry date ay naibigay po na sa atin.

Then makikita po natin, Mr. President, malapit na talaga nating ma-breach 'yung ano, 'yung 100 million. This is another significant milestone dahil kasi pagka once na-breach natin ang 100 million, more or less 50 percent po ang ating population ang makikinabang po na fully vaccinated.

So makikita po natin na ang ating ano po, ang ating fully vaccinated na ngayon, Mr. President, is 41 million which represents 53.20 percent or more than half of the ano, the percentage. Meaning puwede na po tayo talagang mag-open and mag-expand for our boosting.

At makikita po natin, ito ang akin pong tinututukan dahil kasi marami pong nagsasabing mga expert na at least dapat maano natin, ma-continue po natin ang ating sustainment doon sa mga vaccinated na more than four to six months. So pag-aaralan po ng ating mga expert na kung puwede nating i-expand na 'yung mag-booster is four to six months. Pag-aaralan po natin 'yun, Mr. President.

[Next slide, please.]

Sir, makikita po natin itong update vaccine administration by region. I think ito makikita natin, Mr. President, there is no other ano, other city in the world na nakita po natin na 102 percent na po fully vaccinated 'yung kanyang elderly population. Palagay ko ang Metro Manila na lamang po ang mayroong nakita natin na ganyan ang capability na nakita natin na-break natin 'yung

hesitancy. At the same time, nakita po natin na 111 percent na po --- percentage 'yung kanyang first dose. Meaning pati po 'yung mga bata nakukuha niya na po at kuha na po niya 'yung mga elderly niya.

Ang maganda rito po, sir, ito pong noong nagkaroon tayo ng tinatawag nating National Vaccination Day, sumipa po 'yung ano, 'yung pag-aarangkada, sumipa rin po 'yung kanilang capacity. So ngayon po mayroon po tayong anim na regions na mayroon na pong more than 70 percent na tinatawag nating first dose na 70 percent.

So nandiyan po ang CAR, which is 72 percent; ang Region III with 71 percent; Region IV-A, 71 percent; Region I at saka Region II po bigla po 'yan naging malaki po 'yun ano, nakausap po natin ang dalawang governor na talagang halos nagpapaligsahan po sila na 'yung Region I at saka Region II talagang tumaas po ang kanilang capacity, and also Region X is also catching up.

And 'yung lahat naman pong naka-yellow, yellow-orange, ito po 'yung tinatawag nating mayroong more or less 60 percent and up. At nakikita po natin na kakaunti na lang po, aapat na lang po na region ang medyo nahuhuli.

Now, ito po ang focus naman natin ngayon sa second National Vaccination Day. So itong MIMAROPA, Region V, Region XII, at saka region --- 'yung region ng BARMM, ito po ang tina-target natin para mapataas na lalo ang kanilang tinatawag nating vaccination capacity at saka vaccination output.

[Next slide, please.]

Sir, ito po 'yung sinasabi namin po na tinatawag nating synchronization matrix. Dito po itatawid po natin 'yung ating National Vaccination Program even beyond the national election at saka 'yung change ng administration.

So ganoon po ang ginagawa po natin, pinaplano po natin na... Kasi po nakikita natin 'yung effect ng national election magkakaroon ng diversion 'yung attention ng ating mga political leaders.

So we wanted na ang lahat ng ating vaccination program matapos po before ano, before the first quarter. So 'yung ating first milestone sa general population is matapos po 'yung 70 percent ng first dose. And then ito po ay nagko-constitute ng 54 million na at least second dose completed.

Iyong second milestone po natin is that mayroon po tayong 77 million na ma-vaccinate by end of first quarter. Same thing, ang sinasabi nga po ni Sec. Duque, ito ang directive sa amin ni Sec. Duque na before the end of the second quarter or before the transition government, we will be completing 90 million population with second dose completed.

Ganoon din po 'yung ating ano, 'yung ating target sa children vaccination. Gusto po natin na matapos 'yung 12 to 17 by end of ano po, by end of this year, more or less maka-80 percent na po tayo. And then by the start of ano, start of first quarter, 'yung 5-11 ma-implement na po natin.

Nag-submit na po ang Pfizer ng kanilang tinatawag nating amendment of the EUA to cover ‘yung 5 to 11 and we will be expecting more or less na before the end of the year ay mayroon na po itong EUA.

Then ganoon din po ‘yung ano po natin, target po natin na ‘yung 1.6 million na healthcare workers ay matapos na rin po mag-booster before the end of the quarter. Pero sa ngayon po nakita natin medyo mababa po ‘yung ating boosting kaya gusto natin na matapos na po ‘yan.

And also, ‘yung third dose ng seniors, we would like to ano, to continue to cover ‘yung 5 to 8 million before the end of the fourth quarter ‘yan. So that’s why ang ano natin nakikita natin our two catch-up plans is the National Vaccination Day last November 29 and also December 1, and also ‘yung second Vaccination Day this coming 15 December to 17 December.

So ang ano po namin din po, Mr. President, ‘yung boosting for government and economic frontliners and general population, we already started the boosting of those persons that have been vaccinated during March, April, and May. So we will finish po ‘yun before the end of the year. And at the same time, ‘yang ano po natin, we will start also expanding the vaccination of our ano, of our July to December in phase by starting of first quarter.

Meaning, ang ano po natin we might decide because of the steady supply and nakita natin more than 200 million po ang darating. Before the end of the year, we might expand the boosting to the general population.

So, Mr. President, ito lang po ang report natin at sinasabi po natin na our National Vaccination Program transcends even the end of our ano, our administration, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Galvez. Now, may idagdag lang ako.

Mga kababayan, nakita naman ninyo ‘yung deliveries, ‘yung dumating ng bakuna. It was not intermittent, but it was with regularity na dumadating ‘yung mga bakuna and it needed the presence of either Secretary Año, Secretary Galvez, Vince Dizon, and Secretary Duque.

Kaya noong --- hindi naman ako nagalit but I was complaining about the disrespect of officials of a separate Congress na para bang they treated my Cabinet members na ‘yung parang resource person nila kung saan-saan nila nakuha.

Alam mo makita mo naman ang deliveries ng bakuna sa airport. Kailangan nandoon sila to verify, validate, and to make sure that what was agreed upon dineliver (deliver) talaga nang tama.

Iyon ang ano ko kasi ipinapatawag nila itong apat minsan sa umaga o sa hapon pero hindi naman nila tinatawag to testify. And it happened several times, ako na po ang --- hindi naman naawa, but we --- it’s our duty really to obey the processes of Congress also. It’s given, wala akong ano diyen. Admittedly, they have the power to summon and if you do not obey the summons, you can be cited in contempt sa Congress.

